BABALA SA LAHAT NA TUMATANGGAP NG FOOD STAMP MAHALAGA — PAKI-BASAHIN

Mga Bagay na Dapat Ninyong Nalalaman

May-bisa simula noong October 1, 2008:

- Lahat ng halaga na binabayad ninyo sa tagapag-alaga ng mga anak ninyo o dependent (umaasa sa inyo) na tao, habang nasa trabaho o paaralan kayo, ay ibabawas na ngayon sa halaga ng kinikita ninyo. Dati, makababawas lang nang $175 o $200 (para sa bawat dependent) sa kinikita ninyo. Sa pangkalahatan, tataas ang mga benefit (mga pakikinabangan) ninyo kung higit sa $175/$200 bawat anak o dependent ang halaga na binabayad ninyo para sa pangangalaga ng anak/dependent ninyo.

- Hindi sinasama ang lahat ng mga account para na “tax-preferred” savings (iniipon na kinikilingan sa pagbubuwis) para sa education (e.g. #529s) at retirement (e.g. IRAs) sa pagapapasiya kung ang kakayahan ninyo ay higit sa $2,000 (or $3,000 kung elderly [may katandaan] o disabled [baldado] kayo).

- Binago nang mula sa $10 hanggang $14 ang halaga ng mga food stamp para sa mga sambahayan na may isa o dalawang tao na tumatanggap ng abuloy na pera. Bawat taon naaring baguhing nang higit sa $14 dahil tinatantya ito batay sa inflation rate (pagtataas ng halaga ng pamilihin).

- Kung hindi ninyo gagamitin ang EBT card ninyo sa loob ng 180 araw, ilalagay ang mga benefit ninyo sa isang inactive (di-ginagamit) account. Pagkatos nang 365 araw, mawawala ang mga benefit sa inactive account na ito.

- Kung mayroon kayong mga food stamp na papel, kailangang gamitin ninyo nang di-lalampas sa June 18, 2009. Kung hindi ninyo gagamitin, kailangang makipag-ugnay kayo sa county nang di-lalampas sa June 17, 2009 para mapalitan ang mga ito ng EBT card.

Tatanggap kayo ng babala tungkol sa mga pagbabagong ito at anumang iba pang pagbabago sa kalagayan ng sambahayan ninyo na mag-babago ng mga food stamp benefit kaysa sa dati.

Kung inaakala ninyo na nagkamali kami sa pagtatantya ng mga October benefit ninyo, dahil sa mga bagong halagang ito, maari kayong humiling ng isang state hearing (paglilitis) sa loob ng 90 araw mula sa pagtanggap ninyo ng sulat na ito, sa pamamagitan ng pagsulat sa:

o maari kayong tumawag na walang-bayad sa: 1-800-952-5253. Kung may kahirapan kayo sa pandinig at gumagamit kayo ng TDD, tumawag sa 1-800-952-8349. Sa paghiling ninyo ng isang state hearing, dapat bagitin ninyo kung bahit inaakala ninyo na nagkamali kami. Maaring kayong magsalita para sa sarili ninyo sa hearing o magsama kayo ng kaibigan, attorney, o iba pang tao para magsalita para sa inyo, pero dapat kayo ang hihiling na tulungan kayo ng mga taong ito. Maari kayong humiling ng free legal aid (pagtulong na pambatas na walang-bayad) sa tanggapan ng legal aid na malapit sa inyo.